

1

“Come, Abby, sayaw tayo!” hikayat ng mga kaklase ng dalaga habang hinihila siya.

“I said, hindi ako marunong sumayaw!” Ilang beses na siyang tumanggi pero lalo lamang lumalakas ang tudyo ng grupo. Birthday ng isang kaklase nila noon at kapag may ganoong okasyon, uso sa barkada ang ballroom dancing. Subalit talagang walang hilig si Abby sa ganoong kasayahan. Mas gusto pa niya ang umuwi ng bahay at mag-aral.

Kung titingnan ang dalaga ay siya ang tipong studious talaga. Lampas-balikat ang buhok niya na palaging nakapusod. Ang kanyang magagandang mata ay nakakubli sa salaming tinatangal lamang niya kapag matutulog na. Sa kabila niyon ay mestisahin ang ganda niya, makinis ang kutis at hindi puwedeng hindi mapansin sa taas na 5’6”.

“Palibhasa kasi walang alam ’yan kundi ang magbasa ng libro, eh!” natatawang tukso ng birthday celebrant. “Pagbigyan mo naman ako!”

“I really don’t know how to dance,” paliwanag niya na pinamumulahan na ng pisngi.

“Marami tayong dance instructors, tuturuan ka nila,” suhestyon ni Pammy, best friend niya.

Naiirita na siya. Dinampot niya ang bag sa sofa at saka na tumayo. “Uwi na ako.”

“Teka, Abigail!” habol ni Pammy.

“Kung gusto mo nang umuwi, sumabay ka sa akin,” pahayag niya. “Kung ayaw mo, mabulok ka riyan!”

“Teka, sasabay ako sa ’yo!” habol nito. “Bruha ka, wala akong dalang sasakyan! Teka!”

Hindi alam ni Pammy kung ano ang paliwanag na gagawin kay Abby na noon ay humagulhol na habang pumapasok sa kanilang mansyon.

“Abby, let me explain—” ani Pammy.

“Sa halip na ipagtanggol ako, nakikisabay ka pa sa panunukso nila!” bulyaw niya sa kaibigan. “Kanina pa tayo dapat umuwi. Midterm na natin next week!” Fourth year college na sila sa kursong Business Administration major in Management.

“Eh, kasi naman, maa-out of place tayo kapag hindi tayo nakisabay sa uso.”

“So what?”

“Huwag ka nang magalit sa akin, Abby,” pagmamakaawa nito.

“Umuwi ka na!”

Tuluy-tuloy siyang umakyat ng hagdan. Ni hindi na niya napansin ang ina na nakaupo sa sala—si Doña Trinidad Aguirre, isang biyudang masayahin at mabait. Fifteen years old pa lamang ang dalaga nang yumao si Don Simeon Aguirre, ang kanyang ama.

“What’s the matter, Hija?” tanong ni Doña Trinidad kay Pammy na noon ay nakaupo na sa sofa. Nanlulumo ito.

“Tinukso na naman siya ng grupo, Tita,” paliwanag nito. “Pinasasayaw siya ng ballroom dancing. Ayaw niya dahil hindi raw siya marunong kaya, ’ayun! Inalaska na naman tuloy siya. Pati sa akin, nagalit pa.”

Napangiti ang doña. “Bakit ba kasi pati sa inyong mga kabataan ay nauso ang ballroom dancing?” biro nito. “Anyway, Hija, ipapahatid na kita kay Lito at gabi na. Baka hinihintay ka na ng mga magulang mo.”

“Salamat po. Pakisabi na lang kay Abby, huwag na siyang magalit sa akin.”

“Sure, Hija.”

Sinundan ng tingin ni Doña Trinidad ang papalayong dalaga, pagkuwa’y nag-iisip itong naupo sa sofa. Kailangan niyang kumilos upang hindi na mapahiya ang kanyang unica hija.

Ginising si Abby ng malakas na musika mula sa ibaba ng bahay. Sigurado siyang nagmumula iyon sa music room ng kanyang mama. Ang hula niya ay nagpa-practice na naman ito ng ballroom dancing para sa dadaluhang party.

Iiling-iling siyang pumanaog na naka-pajamas pa. May nagtuturong dance instructor sa ina nang mabungaran niya ito sa music room.

Kunot-noong sumandal siya sa dingding ng silid. “Ma, don’t you think it’s too early for *this*?” nakapamaywang niyang komento.

“Come, Hija, join me!” nakangiting anyaya nito. “This is good exercise.”

Inis niyang in-off ang CD player nang hindi pa rin tumitigil sa pagsayaw ang ina. Napaharap sa kanya ang kanina ay nakatalikod na dance instructor. Nawalang lahat ang mga sasabihin niya

nang mapagmasdan ito.

Guwapo ang binata, may pagkamoreno, matangkad, makisig ang pangangatawan na litaw na litaw sa suot na long-sleeved polo at kulay abong slacks. Nang titigan siya nito, pakiramdam niya ay pinamulahan siya ng mukha. Lumakas ang pagtibok ng kanyang puso.

Twenty-three years old pa lamang ang binata. Matanda lang kay Abby ng dalawang taon.

“Ah, Hija, he’s Nathan,” pakilala ni Doña Trinidad. “He will be your private dance instructor.”

“What!” bulalas niya.

“You heard what I said.”

Saglit siyang hindi nakakibo, pinagmasdang muli si Nathan mula ulo hanggang paa. Napalunok siya, hangang-hanga sa kaguwapuhan ng binata. Ngumiti ito at nalantad ang mapuputi nitong ngipin. Lalo pa itong gumuwapo sa paningin niya.

Bigla siyang bumaling sa ina nang titigan siya nang malagkit ng binata. “Ma, ayoko!” madiin niyang sabi. “Hindi ko siya kailangan dahil hindi ako mag-aaral ng ballroom dancing. It’s a total waste of time.”

“C’mon, Hija. Hindi ka magsisisi,” giit ng doña.

“Nathan is a good instructor. You will learn a lot from him.”

“Thanks but no, thanks!” Pagkasabi niyon ay tumalikod na siya ngunit hindi niya napigilan ang sariling lungunin ang binata. Saan ba niya ito unang nakita?

Sa iyong mga pangarap, sagot ng kanyang isip. Saka lamang niya naalalang masyado nga pala siyang subsob sa pag-aaral para makipag-socialize pa. Kaya nga hanggang sa panahong iyon ay hindi pa siya nagkaka-boyfriend.

May crush si Abby sa universidad nila—si Ronald, isang anak-mayaman din na mahilig sa parties. Si Pammy ang tagakuha niya ng mga information tungkol sa lalaki. Noon pa ay naghahanap na siya ng paraan upang mapansin nito pero paano? Dapat ay kumilos na siya. Malapit na silang mag-graduate.

“Bulaga!”

“Ano ba?” Gulat na napalingon siya sa pinanggalingan ng tinig. “Pammy, ha!” pagtataray niya.

“Galit ka pa nga sa akin.” Naupo ang kaibigan sa kanyang tabi. Nasa classroom sila noon at hinihintay

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

ang professor nila. “Pero siguradong mawawala ang galit mo sa ibabalita ko.”

“Di bale na,” masungit niyang tugon. “I’m not interested in anything you have to say.”

“You spoiled brat! Ano kaya ang magiging reaksyon mo kapag ang ibinalita ko’y tungkol sa dakila mong crush?” nakataas ang isang kilay na hamon nito.

“What about him?” buwelta niya, masungit pa rin.

“Sabi ko na nga ba,” irap ni Pammy. “Say sorry to me first.” Namaywang ito.

“Okay, sorry,” nakangiting paumanhin ni Abby. “Ano’ng ibabalita mo tungkol kay Ronald?”

“Are you sure hindi ka na galit?”

“Hindi na. Kaya nga nakangiti na ako, eh.”

“Okay. Gusto kong sabihin sa ’yo na mahilig din pala sa sayawan si Ronald. Ang totoo niyan, he’s a good ballroom dancer. Mapapatili ka kapag nakita mo siyang sumasayaw.” Napapikit pa ito na parang kinikilig. “Ang lambut-lambot ng katawan niya. Kung gusto mong mapansin ka niya, you have to be a good dancer, too!”

“Pam, nagbibiro ka?” inis niyang tanong.

“Hindi,” sabi nito. “I’m telling you, Abby, you simply have to learn how to dance!”

Dinidiligan ni Doña Trinidad ang mga alaga nitong orchids nang abalihin ito ng anak.

Naupo si Abby sa asotea at pinagmasdan ang ina na pakanta-kanta pa. Nang hindi na makatiis ay, “Ma,” tawag niya rito.

“Yes, Hija?” nakangiting baling nito sa kanya.

Humugot muna siya ng hininga bago nagsalita. “G-gusto kong mag-aral ng ballroom dancing.”

Napahagalpak ng tawa si Doña Trinidad.

“What’s so funny?” pikon niyang tanong.

“I expected you to come up to me and say that,” natatawa pa rin nitong sabi. “Alam kong hindi mo matatanggihan ang kasing-guwapo ni Nathan. Crush mo siya, ano?”

“Hindi, ah!” mabilis niyang tanggi. “Basta’t gusto ko lang mag-aral sumayaw, tapos!”

“Okay. Kailan mo gustong magsimula?”

“As soon as possible.”

“Good morning, Abby.” Napakislot ang dalaga nang marinig ang tinig ni Nathan.

Tumayo siya mula sa pagkakaupo sa carpet at walang kangiti-ngiting hinarap ang binata. Malamig ang buga ng air-con sa music room. Kasing-lamig ng pakikitungo ni Abby sa binatang itinuturing niyang isang hamak na instructor lamang.

“Anong oras na?” Namaywang siya sa harap nito.

“Napakalaki ng wall clock n’yo para hindi mo malaman ang oras. Masyado na bang malabo ang mga mata mo?” nakangiting biro ni Nathan. Hindi naman nito ugaling mang-asar. Hindi lamang niya nagustuhan ang inasal ng dalaga nang una silang magkita. Kung hindi nga lamang dahil sa kabaitan ni Doña Trinidad ay hindi siya papayag na turuan ang spoiled brat na anak nito.

“Huwag kang mamilosopo, ha!” Naningkit ang mga mata ni Abby. “Hindi mo ba alam na kanina pa ako naghihintay rito? Halos magyelo na ako sa ginaw, hindi ka pa dumarating!”

“Di sana’y pinatay mo muna ang air-con. Na-

traffic kasi ako.”

“Traffic! Ang sabihin mo, tinanghali ka lang ng gising!”

“Alam mo naman pala,” nakangiting sabi nito. “O, ano? Magsisimula na ba tayo?”

“Ano nga ulit ang pangalan mo?” matigas ang boses na tanong niya.

“Di ba’t ipinakilala na ako sa ’yo ng mama mo?”

“Nakalimutan ko na kaya’t magpakilala ka ulit!” bulyaw niya rito. “Hindi ko ugaling i-record sa utak ang mga pangalan ng mga walang kuwentang tao.”

Napikon ang binata, umakmang aalis.

“Nathan! Saan ka pupunta?” sigaw niya.

Huminto ito at humarap sa kanya. “Akala ko ba’y nakalimutan mo na ang pangalan ko?”

Tumalikod si Abby upang ikubli ang pamumula ng mga pisngi. “Let’s start,” aniya.

“Wait, Abby. Magpapahinga muna ako ng ilang minuto.” Naupo ito sa carpet at pinagmasdan ang kabuuan ng silid.

“Teka, magkaliwanagan nga muna tayo.”

Humarap siyang muli sa binata. “Ano’ng tawag mo sa akin?”

“Abby.”

“Hindi ba’t binabayaran ka ng Mama? Tauhan ka rin dito kaya dapat ay ‘señorita’ ang tawag mo sa akin.”

“Pati ba naman ’yan, pinoproblema mo?” kunot-noong turan nito. “Di sige. *Señorita Abby.*”

Isang irap ang itinugon niya rito, sabay talikod.

“Ang bata-bata pa, mukhang nagme-menopause na,” bubulung-bulong na sabi ni Nathan. “Ang sungit!”

“Ano’ng sabi mo?” Hinarap niya ulit ito.

“Wala. Ang sabi ko, maganda ka.”

“Tumayo ka na riyan at magsisimula na tayo!”

“Okay, Señorita,” nang-aasar ang tono na sabi nito. “Pero bago ang lahat, tanggalin mo muna ang salamin mo dahil istorbo lang ’yan.”

“At pa’no ako makakakita, aber?”

“Mag-contact lens ka na lang.”

“Puwede ba, huwag mong pakialaman ang ayos ko!”

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

“O, sige na’t baka lalong gumrabe ang kasungitan mo.” Isinalang nito ang CD. “Mag-umpisa tayo sa basic steps. Come closer.”

Dahan-dahang lumapit si Abby sa binata at napapitlag siya nang hawakan nito ang kanyang mga kamay. Iginiya siya nito sa ilang basic steps, sinasabayan ang musika habang nakatitig sa kanya.

“Why are you staring at me?” iritadong tanong niya.

“It’s part of the dance,” tugon nito.

“Ang dami namang arte ng sayaw na ’to!”

“Gan’on talaga. Para kapag kasayaw mo na ang crush mo, di nakatitig din siya nang malagkit sa mga mata mo.”

Sumagi sa isipan niya si Ronald. Pinapangarap niya na hawak nito ang kanyang mga kamay habang sumasayaw sila sa gitna ng dance floor, nagbubulungan ng sweet words sa isa’t isa. Kailan kaya mangyayari iyon?

Nakatitig pa rin sa kanya si Nathan. Hindi niya maiwasang salubungin ang magagandang mata nito. Pakiwari niya ay binabasa nito ang kailaliman ng kanyang puso.

“Huwag kang tumingin sa akin,” nailang niyang utos.

Humigpit ang hawak ng kamay nito sa baywang niya. “Hindi ako makakapag-concentrate kapag hindi ako tumitig nang tuwid sa partner ko,” madiing tugon nito. “Sumunod ka na lang sa akin. Hindi ka matututo kapag ang dami mong reklamo.”

“Saan ka nakilala ng Mama?” biglang usisa niya.

“Assistant ako ng nagtuturo sa kanya,” pormal na tugon nito.

“Magkano’ng ibinabayad niya sa ’yo?”

“Pati ba naman ’yon gusto mo pang malaman?”

“Natural! Anak niya ako. And besides, ako ang kliyente mo.”

Sinabi nito ang halagang ibinabayad dito.

“Wow! Gaano ba kahirap ang trabaho mo’t ganyan kalaki ang ibinabayad ng Mama sa ’yo per session?” sarkastiko niyang sabi.

“Unang-unang rason, Señorita, iyon talaga ang fee ng dance instructors. Pangalawa, mahirap talagang magturo dahil kung minsa’y nakakatiyempo kami ng mga taong masusungit na’y ang dami pang

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino
reklamo.”

“Pinatatamaan mo ba ako?” taas-kilay niyang hamon.

“Oops! Wala akong sinasabing ganyan,” natatawang tugon nito.

“Mabuti nga’t ang mama ko ang naging client mo. Talagang tataasan niya ang bayad sa ’yo,” ingos niya.

“Ang yabang talaga nito,” bulong ni Nathan.

“May sinasabi ka ba?”

“Wala. Ang sabi ko’y maganda ka.”

“Talaga!”

Bilin ni Doña Trinidad na roon na rin kumain si Nathan. Nakahanda na ang hapag-kainan nang tawagin sila ng katulong.

Tumalikod si Abby nang hindi man lamang kinakayag ang kasama. Iiling-iling na in-off ni Nathan ang CD player at tahimik na sumunod sa dalaga patungo sa dining room.

Walang kibong naupo si Abby. Sa tapat niya

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

naupo ang bisita. Ilang sandali lamang at kumakain na sila.

“Nathan, sana turuan mo rin akong sumayaw,” nakangiting biro ni Bebang, ang katulong nila na nakatayo sa may tabi ng mesa.

“Puwede kang manood sa amin, Bebang,” nakangi-ting tugon ng binata. Naipakilala na rito ni Doña Trinidad ang mga tao roon. “Matututo ka rin sa panonood lang. ”Tapos, mag-practice ka na lang. Kayang-kaya mo ’yon.”

Ngumiti si Bebang. “Kung... papayagan ako ni Señorita Abby,” sabi nito, sabay sulyap sa dalaga.

“Puwede kang manood kapag tapos ka na sa trabaho mo,” hindi tumitingin sa katulong na tugon niya.

“Naku! Salamat, Señorita!” excited na bulalas nito.

“Ipagtimpla mo nga ako ng juice,” utos niya.

“Juice coming up in three minutes!” masiglang sabi ng katulong bago tumalikod patungo sa kusina.

Napapangiting sumulyap si Nathan kay Abby na nahuli naman ng dalaga.

“Ano’ng itinitingin-tingin mo, ha?”

“Mas maganda ka kapag laging nakangiti,” puri nito. “Sana’y palagi ka na lang masaya.”

Isang irap lang ang itinugon ni Abby bago ipinagpatuloy ang pagkain.

Nanatiling nakatitig si Nathan sa magandang mukha ng kaharap.

2

Tapos na ang unang session nila pero hindi pa rin umaalis si Nathan. Naupo ito sa may asotea at binuklat-buklat ang dalang libro.

“Tapos na tayo, ah,” puna ni Abby na nakatayo na sa may sliding doors. “Hindi ka pa ba aalis?”

“P-pasensya na, Señorita,” kakamut-kamot na tugon nito. “Matagal pa kasi ang pasok ko. Baka naman puwedeng dumito muna ako habang pinalilipas ko ang oras. Magre-review lang sana ako.”

Walang kibong tumalikod ang dalaga.

Iiling-iling na ipinagpatuloy ni Nathan ang pagbabasa. Nang walang anu-ano ay binulaga siya ni Bebang.

“Nakakagulat ka naman, Bebang,” sabi niya sa mahinang boses.

“Ang sipag-sipag mo namang mag-aral,” naka-ngiting puri nito. “Saan ka ba nag-aaral?”

“Sa *UST*,” tugon niya. “Working student ako.”

“Talaga? Ano’ng kinukuha mo?”

“Physical Therapy.”

“Bakit ka pa pumasok na dance instructor?” usisa nito.

“Kailangan kong kumita. Mahirap lang kasi kami at ako ang nagpapaaral sa sarili ko.”

“Ang bait mo naman. Sana katulad mo ang maging boyfriend ko.”

Muntik nang matawa si Abby na nakakubli sa likod ng kurtina at nakikinig sa dalawa. Hindi niya alam kung bakit gusto niyang palaging nakikita si Nathan kahit buo na sa isipang hindi siya makikipagkaibigan dito dahil napakalayo ng kanilang agwat sa buhay. Iba ang dating ng binata sa kanya. Hindi lang dahil sa guwapo ito pero dala na rin sa natuklasan niyang kahanga-hanga nitong prinsipyo.

“One, two, three, swing!” hawak-hawak ni Nathan ang mga kamay ni Abby. Pangalawang araw na ng dance lessons nila.

“Sandali!” Huminto siya at namaywang na naman sa harap nito. “Ang bilis mo, eh!” reklamo niya. “Puwede ba, bagalan mo naman? Hindi ako maka-catch up.”

“Okay, let’s do it from the top.”

“Ano? Magsisimula na naman tayo? Pagod na ’ko.”

Noon dumating si Doña Trinidad. “O, kumusta na ang estudyante mo, Nathan?” nakangiting bungad nito.

“Masyadong mareklamo, Tita,” tugon ng binata.

“Ano’ng tawag mo sa mama ko?” kunot-noong baling ni Abby rito.

Nakangiting inakbayan ni Doña Trinidad ang anak. “Iyon ang gusto kong itawag ni Nathan sa akin, Hija,” paliwanag nito.

“Ma, maghanap ka na lang kaya ng ibang dance instructor,” paingos na sabi niya.

“Bakit? What’s the problem with Nathan?”

Tahimik na tumalikod ang binata at tumungo sa hardin; nasa mukha nito ang lungkot sa sinabi niya.

“Wala,” tugon ni Abby sa ina, sabay upo sa sofa.

“Wala naman pala.”

Hindi siya kumibo.

“Okay, maghahanap ako ng iba. Bukas na bukas

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino
di'y iba na ang magtuturo sa 'yo," alo ni Doña Trinidad sa anak bago ito umakmang tatalikod. "Maiwan muna kita riyan at sasabihin ko kay Nathan ang gusto mong mangyari."

"Ma!" pigil niya.

Binalingan siya nito.

"O-okay na si Nathan. H-huwag mo na siyang palitan," nahihiyang sabi niya.

Napabuntunghininga nang malalim ang doña. "Hay naku, Hija! Kahit sa anong bagay, pinaiiral mo ang pagka-spoiled brat mo."

Niyakap niya ang ina at ginawaran ng masuyong halik sa pisngi. "Kaya nga lagi akong nagpapasalamat sa inyo dahil nato-tolerate n'yong lahat iyon," nakangiti niyang sabi.

"I know you don't mean to be cruel," masuyong sabi nito. "Aalis na ako't male-late na ako sa appointment ko. So, hindi ko na papalitan si Nathan?"

"Hindi na, Ma. 'Bye."

Iiling-iling na tumalikod si Doña Trinidad.

Umiral pa rin kay Abby ang awa kay Nathan. Alam niyang malaki pa ang ibinabayad ng kanyang

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

mama sa binata at makakatulong iyon nang malaki para maipagpatuloy nito ang pag-aaral.

Naupo si nathan sa gilid ng swimming pool. Mula roon ay kita niya ang isa sa mga tanawin na hinahangaan niya sa mansyon—malinis na paligid, maluwang na bakuran, makukulay na bulaklak, luntiang hardin.... *Ah, kay sarap ng buhay ni Abigail Aguirre*, buntunghininga niya. Kung siya lamang ang nasa katayuan ng dalaga ay magiging masayahin at mabait siya sa kapwa.

“Ready na ako, Nathan,” mahinang sabi ni Abby mula sa likuran niya.

Hindi niya ito nilingon. “Akala ko ba’y pinapalitan mo na ako?” pagtatampo niya.

“Wala na raw ibang kasing-husay mo,” tugon ng dalaga. “Ang Mama na ang nagsabi noon kaya pumayag na rin ako. Bakit? Ayaw mo na ba akong turuan?”

Tumayo si Nathan at humakbang patungo sa loob ng bahay. “Kailangan ko ng pang-tuition,” deretsong sabi niya. “Kaya kahit mahirap sundin ang mga gusto mo, magtitiyaga na rin ako.”

Nanginginig ang buong katawan ni Abby habang pini-perform sa harap ni Nathan ang mga natutunan niya sa loob ng isang linggo. Mag-isa siyang sumasayaw sa harapan ng binata na nakaupo sa carpet. Wala namang kakurap-kurap ang mga mata nito habang pinagmamasdan siya. Hindi niya alam na maraming nabubuong imahinasyon sa isip nito. Hindi niya alam na unti-unti na siyang pinapangarap nito—pinapangarap na mahalikan at mayakap nang mahigpit. Hindi niya alam na unti-unti nang nahuhulog ang loob nito sa kanya.

Malakas na pumalampak si Nathan nang matapos siya. Nagpatuloy ang tugtog na tila wala nang katapusan. Tumayo ito at lumapit sa kanya. “Mabilis ka naman palang matuto,” nakangiting puri nito. “Puwede na tayong magsimulang mag-aral ng mas mahirap na steps.”

Hinawakan nito ang kanyang baywang; tila may kuryenteng tumulay sa buong katawan niya. Tumitig ito sa kanyang mga mata at hindi niya iniiwas ang tingin dito. Magkasalubong ang kanilang mga paningin habang sinasabayan ang pumapailanlang na tugtugin.

Kinikilig na niyakap nang mahigpit ng nanonood

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

na si Bebang ang hawak na throw pillow.

Sa sandaling iyon dumating si Pammy at laking gulat nito nang makita ang dalawang patuloy sa pagsayaw. Hindi na ito nakapaghintay na matapos ang tugtog. Bigla itong pumalakpak nang malakas.

Parang nakuryenteng bumitaw si Abby sa kasayaw. “P-Pam?”

“Hello, Abby,” nakangiting bati ni Pammy. “Sino siya?” tanong nitong nakatingin sa binata.

“S-siya si Nathan,” nahihiya niyang tugon. “Private dance instructor ko.”

“Really? Kailan pa?” gulat na tanong nito. “Bakit hindi mo man lang sinabi sa akin?”

“It’s not a big deal para ibalita ko pa sa ’yo,” aniya bago hinila paupo sa carpet ang kaibigan.

“Ang guwapo niya!” bulong ni Pammy habang tinitingnan ang binatang nakatanaw na sa labas ng bintana. “Sana, magandahan siya sa akin at ligawan niya ako!” kinikilig nitong sabi.

“Luka-loka!” natatawa niyang sagot. “Nakakahiya ka talaga! Pati dance instructor, pinag-iinteres mo.”

“Eh, ano naman? Maayos naman ang trabaho

niya,” pairap nitong sagot.

“Oh, yeah? Marami yata akong naririnig tungkol sa mga DI.”

“Hindi naman siguro gan'on si Nathan,” depensa nito sa binata. “Mukha naman siyang disente.”

“Well, anyway,” kibit-balikat niya, “may kailangan ka?”

“Wala naman,” tugon nito. “Mabuti pala't napadaan ako. Palagay ko, mapapalimit na ang pagpunta ko rito. Basta't sabihin mo lang sa akin kung anong araw kayo nagtuturuan ni Guwapo. Sana ako rin, turuan niya. Kahit iba na lang ang ituro niya sa akin!” At natawa ito nang malakas.

“Kahit kailan, pilya ka talaga. Umuwi ka na nga!”

“Para ano? Para magkasarilinan na naman kayo ni Guwapo?”

“Tse!” saway niya rito.

“Baka magulat na lang ako isang araw, Abby, ha!” tudyo ni Pammy. “Baka, may iba nang namamagitan sa inyong dalawa.”

“Sira-ulo!”

Dinig ni Nathan ang usapan ng dalawa at

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

napapangiti ito. Bago pa namalayan ng binata ay nakalapit na rito si Pammy.

“Hi!” nakangiting bati nito na halatang nagpacute pa.

Humarap si Nathan dito.

“Obviously, Abby forgot to introduce us,” sabi nito. “I’m Pamela. You can call me Pammy or Pam or whatever you wish to call me.” Iniabot nito ang palad para makipag-handshake.

“Nice to meet you, Pam.” Ngumiti si Nathan at kinamayan ito.

Nakasimangot na si Abby sa isang tabi kung saan ito basta iniwan ni Pammy. Tumayo siya at naghalukipkip. “Pamela, kailangan na naming mag-practice!” agaw niya sa pansin ng dalawa.

“Oh! Kailangan kong umeskapo,” bulalas ng babae. “Anyway, it was nice meeting you, Nathan. Bye!” Kinindatan nito ang kaibigan bago lumabas ng pinto.

“Your friend is very nice... and pretty,” ngingitinging sabi ng binata.

“So? Who’s asking?” ingos ni Abby.

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

Ilang sandali lamang at sumasayaw na silang muli. Lumabas na rin si Bebang kaya silang dalawa na lamang ang nasa silid.

Nakatitig nang tuwid sina Nathan at Abby sa mga mata ng isa't isa habang nag-uunahan sa pagkabog ang kanilang mga dibdib. Pigil ang kanilang mga hininga.

Nang walang anu-ano ay biglang bumukas ang pinto. “Enjoy your dance!” sigaw ni Pammy na hindi pa pala umaalis.

Inis na kumalas si Abby sa binata at binato ng throw pillow ang kaibigan. Malulutong na tawa ang pinakawalan ni Pammy bago muling isinara ang pinto ng music room.

Palihim siyang napangiti at nang sulyapan si Nathan ay nakangiti rin ito sa kanya—mga ngiting hanggang sa pagtulog ay kasa-kasama niya.

Namamalayan na lamang ni Abby na nagpapaganda na siya nang sumunod na mga araw. Si Bebang pa ang ginawa niyang beauty adviser.

“Ano, Bebang? Okay na ba ang ayos ko?” tanong niya habang sumasayaw-sayaw sa harapan ng

katulong. Ang suot niya ay mahabang palda at long-sleeved na polo. Nakapusod ang kanyang mahabang buhok at suot pa rin ang eyeglasses.

Nakangiwi si Bebang habang nag-iisip. “Alam n’yo, Señorita, huwag kayong magagalit, ha? Kahit sinong lalaki ay hindi magkakagusto sa inyo kapag ganyan palagi ang ayos n’yo.”

“Ha? Bakit? Ano’ng mali rito?” Pinagmasdan niyang mabuti ang sarili sa harapan ng salamin.

“Manang na manang pa rin ang dating n’yo. Wala ba kayong mas maiksi riyang?”

“At saan mo naman napulot ang kalandian na ’yan?” taas-kilay niyang tanong.

“Sa TV.”

Saglit na nag-isip ang dalaga, pagkuwa’y binuksan ang closet at kinuha ang isang miniskirt at sleeveless blouse na minsan ay ibinigay sa kanya ng ina.

“Yan!” bulalas ng katulong. “Iyan ang bagay sa inyo. Tiyak na luluwa ang mata ni Nathan kapag nakita kayo.”

“Bakit naman nasali sa usapan si Nathan?” painosente niyang tanong.

“Hay naku, Señorita! Kung hindi ko pa alam, si Nathan ang pinapagandahan n’yo. Hindi ba’t dati’y wala naman kayong pakialam kahit ano pa ang ayos n’yo?”

“Tumigil ka nga, Bebang,” ingos niya. “Umandar na naman ’yang pagkaintrigera mo.”

“Sabagay, bagay naman kayo ni Nathan,” dagdag na tukso nito. “Guwapo siya, mabait, mukha namang matalino. Kaya lang....”

“Kaya lang ay ano?”

“Kaya lang, mahirap lang siya.”

Natahimik si Abby, pagkuwa’y tinungo niya ang bintana at tumanaw sa labas ng gate. “Tanghali na, ah. Darating pa kaya siya?”

“Uy! Nami-miss na niya si Nathan!”

“Sira! Gustung-gusto ko nang matutong sumayaw.”

“Ows? Kunyari pa kayo!”

Hindi dumating si Nathan nang araw na iyon kaya nasayang lamang ang pag-aayos na ginawa ni Abby. Nalulungkot siya dahil totoong nami-miss na

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

niya ang binata. Tuwing Sabado at Linggo lang sila nagkikita, nag-absent pa ito.

Kinabukasan ay na-late pa ng isang oras si Nathan.

“Absent ka kahapon,” pormal na sabi ni Abby nang bumungad ang hinihintay sa music room. “Pagkatapos, late ka ngayon. Kung tinatamad ka nang turuan ako, sabihin mo lang.”

Walang bahid-ngiti sa mukha ng binata. Parang biglang naglaho ang pagkamasayahin nito. Walang kibong isinalang nito ang CD sa player.

“Gusto kong makarinig ng explanation, Nathan!” mainit niyang sabi. Nang nakaraang araw nga naman ay nagpaganda-ganda pa siya. Ngayon ay balik na siya sa dating ayos.

“May nilakad ako,” mahina ngunit madiing tugon nito. “Kung ano man ’yon, wala ka nang karapatang mag-usisa pa.”

“Ah, gan’on?” nakapamaywang niyang sabi. “Gusto kong malaman mo na binabayaran ka ng Mama kaya kung may iba kang gagawin, tapusin mo muna ang trabaho mo rito.”

“Hindi ikaw ang nagbabayad sa akin,” nagtitimpi

nitong sabi.

“Mama ko ang nagbabayad sa ’yo!” sigaw niya.

“Nagpaalam ako kay Doña Trinidad!” Napataas na rin ang boses nito. Namumula ang mukhang humarap ito sa kanya. “Bakit ba hindi ka makaintindi? Palibhasa’y wala kang problema sa buhay. May pera ka’t nakukuha kahit ano’ng gusto mo.” Humugot ito ng malalim na hininga. “Pero, *Señorita*, kung gusto mong irespeto kita, sana’y irespeto mo rin ako.” Pagkasabi niyon ay lumabas na ito ng silid.

Naiwang tigagal si Abby.

“Nathan has quit,” balita ni Doña Trinidad sa anak kinagabihan. “Ihahanap na lang kita ng ibang instructor.” Nagtatanggal ito ng mga alahas sa harap ng tokador.

Pormal na nakaupo si Abby sa kama. “Ma, para pinagalitan ko lang naman siya dahil hindi siya pumasok kahapon, eh.”

“You shouted at him, Hija,” sabi nito sa malu-manay na boses. “Yan ang ugaling hindi ko matanggal sa ’yo.” Napailing ito. “Nagpaalam sa akin ’yung tao. May sakit ang nanay niya, nasa hospital at inalagaan

niya.”

“H-hindi naman niya sinabi sa akin, eh,” mahina niyang sabi, gusto nang pagsisihan ang kagaspangan ng ugali.

“Hindi mo siya binigyan ng pagkakataong makapagpaliwanag.” Tumingin sa kanya ang ina. “Mabait si Nathan. Kung alam mo lang ang buo niyang pagkatao, Hija.”

Napakagat-labi si Abby. Wala na siyang pagpapagandahan. Hindi na babalik si Nathan.

Eh, ano? mayabang niyang sabi sa isip. Unang-una, kaya lang niya ito kinailangan ay dahil kay Ronald. May crush pa siyang dapat na pagtuunan ng pansin. Pangalawa, isang hamak na dance instructor lamang si Nathan. Hindi ito ang tipo ng lalaking magugustuhan niya.

Pangalawang araw nang tinuturuan ng bagong dance instructor si Abby pero hindi pa rin siya natututo. Hindi mawala si Nathan sa isipan niya. Malungkot siyang naupo sa carpet nang nakakrus ang mga hita.

“Pagod ka na ba?” tanong ng dance instructor.

“Hindi pa tayo tapos, ah!”

“Ayoko na. Wala akong ganang sumayaw. Hindi ko makuha ang mga pinagagawa mo,” mahina niyang sabi.

“Pero, Señorita—”

“Kilala mo ba si Nathan?”

“Si Nathan? Oo, kilala ko siya,” tugon nito. “Sino namang hindi makakakilala roon? Sobrang dami ang nagkakagusto sa kanya. Ang tataas nga ng offer sa kanya ng mga babae,” kuwento nito. “Kaso mo, dakilang bobo. Ayaw ba namang pumatol sa matatandang mayaman.”

“At kung ikaw ang naging kasing in-demand niya, papatol ka sa kanila?”

“Siyempre naman, pera yata ’yon.”

“Ikaw ang bobo!” supalpal niya rito. Hindi ito nakaimik. “Saan ko puwedeng makita si Nathan?”

May sinabing pangalan ng hotel ang lalaki.

3

Sa isang sikat na hotel na puntahan ng mayayamang babae—may asawa, biyuda, matatandang dalaga at iba’t iba pa—matatagpuan ni Abby si Nathan.

Kinakabahan ang dalaga nang gabing pasyalan niya ang lugar na iyon. Niyayaya niya si Pammy pero tumanggi ito dahil may dadaluhan daw itong pagtitipon kasama ang mga magulang. Kasama niya ang kanyang driver pero pinaghintay lamang niya ito sa parking area. Hindi lang niya mapigilan ang sariling hindi puntahan si Nathan. Hindi na siya makatiis na hindi ito makita.

Naupo siya sa isang bakanteng mesa. Mayamaya lamang ay may lumapit sa kanyang isang lalaking nakakurbata.

“Do you know how to dance or you want to learn, Ma’am?”

“I-I want to learn,” kinakabahan niyang sabi.

“I’m Mike,” nakangiting sabi nito, sabay abot ng kamay sa kanya. “I’m a dance instructor, Ma’am, and I can teach you how to dance.”

“Thank you.” Tumayo siya at pinaunlakan ang lalaki. Iginiya siya nito sa gitna ng ballroom. Kahit papaano ay may natutunan na siya kay Nathan kaya medyo marunong na rin siya. Isa pa, ang lalaki naman ang nagdadala at sinusundan lamang niya ito.

Hindi pa nagtatagal si Abby roon nang may isang lalaking humila sa kanya mula sa DI na kasayaw niya. Paglingon niya ay nakita niya ang madilim na mukha ni Nathan. Hinila siya nito palabas ng hotel.

“Ano ba, Nathan! Bitawan mo nga ako!” Pilit siyang kumakawala mula sa pagkakahawak nito.

Nasa labas na sila nang bitawan siya ng binata. “Ano’ng ginagawa mo rito, ha?” kunot-noong tanong nito. “Ganoon ka na ba kadesperada para pumunta rito? Hindi mo ba alam kung anong klaseng lugar ito?”

“May nakapagsabi sa aking dito kita matatagpuan,” mahinahong tugon niya.

Bumuntunghininga ito nang malalim, pagkuwa’y muli siyang hinawakan sa kamay. “Ihahatid na kita sa inyo,” anito sa matigas na boses. “Tiyak na hindi ito alam ng mama mo.”

“Hindi na kailangan. Kasama ko ang driver ko.”

“Puwes, umuwi ka na!”

“I want you to be my instructor again!”

Natigilan si Nathan. Sa dilim ng gabi ay mababanaag ang pamumula ng mga pisngi nito. Takang napatingin ito sa kanya.

“How much, Nathan?” taas-kilay niyang tanong, tila nagmamalaki pa. “Six thousand? Seven? Ten? Name your price.”

“B-bakit?”

“Well, magaling ka,” tugon niya, hindi masabing nami-miss lang niya ito. “H-hindi ko gusto ang ibang instructors na ibinigay ng Mama. I-ikaw ang gusto kong kasayaw.”

Napangiti si Nathan. Ang ngiti nito ang totoong na-miss niya. “Hindi ko mapaniwalaan ang mga naririnig ko, Abby,” anito. “Hindi ko alam kung ano talaga ang nasa isip mo. Ang mga mayayamang katulad mo’y maraming alam na gimmick. Ano ba talaga ang plano mo?”

“What I want from you is plain and simple. I want to hire you as my private dance instructor,” matatag niyang sabi. “Pero kung ayaw mo, di maghahanap na lang ako ng iba.” Umakma siyang tatalikod.

“Wait!” pigil ni Nathan. “Sige, payag ako.” Sinabi nito ang halagang sisingilin.

“Cheap!” aniya. “Ba’t bumaba yata?”

“A special offer for a special lady,” nakangiting sabi nito.

“Ikaw ang bahala.” Ngumiti na rin siya. “Can we start tomorrow?”

“Sure.”

Nang ihakbang ni Abby ang mga paa papalayo roon ay nakadama siya ng kakaibang tuwa sa kanyang puso. Magkikita at magkakasama na naman silang muli ni Nathan. Hindi niya tiyak kung ano ang madarama, hindi niya maintindihan ang sarili. Ang tanging alam niya, nang sandaling iyon ay masaya siya.

Nagulat si Doña Trinidad nang makitang nagtuturuang magsayaw sa lanai sina Nathan at Abby. Kagigising lamang ng doña at gumanda kaagad ang umaga nito sa tanawing bumungad dito. Magkahawak-kamay sina Abby at Nathan habang sinasabayan ang tugtugin.

“Good morning,” nakangiting bati ng doña nang

lubusang makalapit sa dalawa.

“I hired him again, Ma,” pauna ni Abby. “And please, don’t ask any questions. This is my decision.” Muli siyang humarap sa binata.

Iiling-iling na pinagmasdan na lamang ni Doña Trinidad ang dalawang patuloy sa pagsayaw.

“Ano! Ginawa mo ’yon nang mag-isa?” hindi makapaniwalang tanong ni Pammy na ang tinutukoy ay ang pagpunta ni Abby sa hotel na pinagtatrabahuhan ni Nathan.

“So what?” taas-kilay niyang sabi.

“Abby, you’re so conservative para—”

“Not anymore,” mabilis niyang agaw. “I think it’s about time I change.”

“Wow! Hindi ko yata mapapaniwalaan ito!”

“Bahala ka, basta I’m telling you the truth,” mayabang niyang pahayag. “Bumalik na nga sa akin si Nathan. Siya na ulit ang instructor ko.”

“Hindi ko mabasa ang ibig sabihin ng mga pagbabago mo, Abby.”

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

Bahagya siyang natawa. “Ako rin, hindi ko maintindihan ang sarili ko. Pero I have a clue,” mysteryosa niyang sabi. “I’ll tell you kapag sigurado na ako.”

Matagal nang nakatayo sa harap ng salamin ni Abby habang natatawang nakamasid si Bebang sa kanya. Pasulyap-sulyap sa labas ng garahe ang katulong. Mayamaya ay pahangos itong lumapit sa amo.

“Señorita, parating na si Nathan!”

Nataranta si Abby. “O, ano? Okay na ba ang ayos ko, Bebang?” Suot na niyang muli ang miniskirt at sleeveless blouse; nakalugay ang kanyang mahabang buhok at humahalimuyak siya sa kabanguhan.

“Okay na, Señorita! Ang ganda-ganda na n’yo!”

“Talaga, ha?”

“Oo!”

Isa pang sulyap sa salamin ang ginawa niya bago pumanaog.

Naghihintay na si Nathan sa music room.

“H-hi!” demure na bati ni Abby pero parang

nang-aakit ang kanyang ayos.

Naglakbay kaagad ang mga mata ni Nathan sa kanyang kabuuan. Nasa mukha nito ang matinding paghanga sa nakikita. “H-hi!” nakangiting tugon nito.

“M-mag-uumpisa na ba tayo?” tanong niya na medyo naiilang pa sa bagong ayos.

“Handa ka na ba?” mahinang tanong nito.

“Kanina pa.” Ngumiti ulit siya, pagkuwa’y tumalikod at umakmang aabutin sa carpet ang nalaglag na compact disc. Bahagyang tumaas ang kanyang palda at lalo pang nalantad ang mapuputi niyang alak-alakan.

Napalunok si Nathan. Pinili nitong tumalikod at tumanaw sa labas ng bintana.

“I’m ready,” agaw niya sa pansin ng binata.



Pinanginigan ang buong katawan ni Nathan nang hawakan sa baywang si Abby. Nakakapa pa niya ang panloob ng kasayaw sa manipis nitong kasuotan. Parang gusto na niyang ipasok ang mga kamay sa loob ng blusa ng dalaga. Ang bango nito, kay sarap halikan at yakapin nang mahigpit. Lagi itong laman ng pangarap niya. Subalit marahil ay hanggang doon

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino
na lamang siya. Doon lamang niya ito kayang abutin.

Naiilang na siya sa mga titig ni Abby, pinag-pawisang bumitaw siya rito at tumalikod.

“B-bakit?” takang tanong ng dalaga.

“W-wala,” sagot niya, may alanganing ngiti sa labi. Tumungo na lamang siya sa likod ng bahay. Nagtataka pa ring sumunod sa kanya si Abby.

Pinakawalan niya ang malalim na buntunghininga nang makalabas. Hindi niya namalayang nakalapit na sa kanya ang dalaga.

“Iniisip mo bang pagagalitan kita dahil na-late ka na naman, Nathan?”

“N-nandiyan ka pala,” gulat niyang lingon dito.

“Hindi naman ako galit, eh,” malumanay na sabi nito. “Halika na, mag-practice na tayo. Gusto ko nang matuto kaagad.”

“Para pagkatapos nito, hindi mo na ako kakailanganin pa,” bulong niya na siya lang ang nakarinig.

“Nathan..?”

“S-sige, susunod na ako.”

Ilang araw pa ang matuling lumipas. Medyo magaling nang sumayaw si Abby pero nagkukunwari siyang hindi pa gaanong marunong para hindi sila kaagad maghiwalay ng kanyang instructor.

Isang hapon ay dumating si Nathan nang nakainom.

Nalanghap kaagad ni Abby ang amoy ng alak na hininga nito. “L-lasing ka ba?” tanong niyang pilit na iniiwas ang mukha sa bibig nito.

Nakatitig ito nang tuwid sa kanya habang unti-unting inilalapat ang mukha sa mukha niya. “Hindi ako lasing, nakainom lang,” mahinang sabi nito.

Uminit ang ulo niya. “Hindi ka dapat pumunta rito nang nakainom.”

“Pasensya ka na. May problema lang ako.”

“Umuwi ka na.”

Hindi tumugon si Nathan. Kumalas ito sa pagkakahawak sa kanya at isinalang ang isang CD. Pumailanlang ang isang malamyos na tugtugin na humahaplos sa puso ni Abby. Pinilit niyang tigasan ang damdamin.

“Dapat masaya ako ngayon, Señorita,” simula nito. “Birthday ko ngayon pero malungkot ako. May sakit pa rin ang nanay ko. Hindi ko na alam ang gagawin ko. Gusto ko siyang alagaan pero kailangan ko pa ring magtrabaho para sa kanya at para sa pag-aaral ko.”

Nabagabag siya sa narinig. “H-happy Birthday, Nathan,” mahina niyang bati bago naupo sa tabi nito. “H-hindi ko alam, pasensya ka na. Kung gusto mo, umuwi ka na lang. Ibibigay ko pa rin ang bayad sa ’yo para sa araw na ito.”

“Hindi, Señorita.” Tumayo ito at hinila siya patayo. “Kailangang turuan ko na kayo. Gustung-gusto na n’yong matuto, di ba? Sayawan na lang natin ang problema ko. Sabayan na lang natin ang paborito kong kanta.” At ikinulong siya ng binata sa mga bisig nito. Nais niyang tumanggi pero hindi niya magawa. Magkayakap silang sumasayaw sa tahimik na silid.

Bahagyang nakahilig sa balikat niya ang binata. Ang pakiramdam niya ay gusto nitong umiyak at paalpasin ang sama ng loob.

Namalayan na lamang ni Abby ang sarili na hinahagod ang balikat nito, ang likod; tinugunan niya ang mahigpit na yakap nito. Napapikit siya nang mariin. Bigla siyang napadilat nang maramdamang

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

nasa labi na niya ang mga labi ni Nathan. Hindi siya tumanggi, bagkus ay napapikit siyang muli at tinugon ang halik nito.

Para siyang aliping sunud-sunuran dito nang ihiga siya nito sa carpet. Lumalim ang mga halik nito hanggang sa naramdaman niya ang paggapang ng mga kamay nito sa kanyang nanlalambot na katawan. Nilalaru-laro na ng mga palad nito ang kanyang mga hita.

Malapit na silang makalimot nang biglang lumayo si Nathan sa kanya. Parang bigla itong natauhan. Nanaig pa rin ang pagkamaginoo nito. Iiling-iling na nahiga ito sa carpet, malayo ang katawan kay Abby. Namayani ang katahimikan. Hanggang sa hindi na ito nakatiis at ipinikit ang mga mata. Tila pagod na pagod na nakatulog ito.

Tahimik na naupo si Abby sa tabi ng binata at pinagmasdan ang maamo nitong mukha. Ang tila nakangiting mga mata nito ay may itinatago palang kalungkutan. Hindi niya napigilan ang pagpatak ng mga luha dala ng awa rito.

Pinupunasan ni Abby si Nathan nang bumulaga si Bebang sa pintuan. “Señorita, nand’yan na ang ina n’yo,” mahinang usal nito.

“Ha?” Nataranta siya. “Nasa loob na ba siya?”

“Pumapasok pa lamang ang kotse niya sa garahe.”

“Tulungan mo ako, Bebang. Dalhin natin si Nathan sa kuwarto ko.”

“Señorita, baka malaman ni Doña Trinidad—”

“Hindi! Ako’ng bahala.”

Sinalubong ni Abby ng masuyong halik sa pisngi ang ina.

“Kamusta na ang dance lessons mo?” nakangiting usisa ni Doña Trinidad.

“Masaya,” maikling tugon niya, walang ibang maisip na isagot.

“Anong oras umuwi si Nathan?”

“Kaaalis lang niya.”

“Kumain ka na?”

“Oo, Ma,” sagot niya kahit hindi pa siya nakakapaghapunan.

Nang pumasok na sa kuwarto si Doña Trinidad ay sabik na tinungo ni Abby ang silid at nakangiting

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

pinagmasdan si Nathan. Nang subukan nila itong buhatin ni Bebang ay nagkamalay na ito pero dahil nanghihina pa, wala itong pagtutol nang alalayan nila patungo sa kanyang silid. Nang ihiga nila ito ay nakatulog din kaagad.

Naupo siya sa tabi nito at masuyong hinaplos ang maamo nitong mukha. Nasa ganoon siyang gawain nang tumunog ang telepono.

Si Pammy ang nasa kabilang linya.

“Guess what, Pam?” excited niyang sabi.
“Nathan’s here in my room!”

“What! You mean, kayo na?”

“Hindi. Lasing siya nang pumunta rito. Hindi ko naman alam na ganoon kagrabe ang nainom niya. Dinala ko siya rito sa kuwarto para hindi siya makita ni Mama.”

“Paano mo nagawa ’yon?”

“Nagpatulong ako kay Bebang.”

“Oh, Abby! You’re crazy!” natatawang sabi nito.

Pagkalipas ng ilang minutong kuwentuhan ay ibinaba na nila ang telepono.

Sinumpong ng kapilyahan si Abby at sa tabi ni

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

Nathan siya natulog. Sinukuban niya ito ng kumot at saka kinakabahang niyakap. Totoong may kaba sa kanyang puso subalit may kakambal ding tuwa at saya. Kay bango nito at kay sarap kayakap.

Nakatulog siyang may ngiti sa mga labi.

Ginising si Nathan ng lamig ng air-con. Napabalikwas siya nang matantong wala siya sa bahay nila. Saka pa lamang niya napansin si Abby na mahimbing na natutulog sa kanyang tabi. Ano ang ginagawa niya sa kuwarto ng dalaga?

Kinakabahang balak niyang tumayo at umalis na subalit hindi niya napigilang muling sulyapan ang kagandahang nasa kanyang tabi. Sumilay ang ngiti sa kanyang labi at bumalik siya sa higaan. Masuyo niyang ginawaran ng halik sa pisngi ang babaeng pinapangarap. Minsan pa ay hinihiling niya sa sarili na sana ay mayaman din siyang katulad nito. Di sana ay hindi siya mag-aalangan na iparamdam ang matindi niyang pagkagusto rito. Sana....

Nagulat si Nathan nang biglang tumunog ang telepono sa side table ng kama. Wala sa sariling dinampot niya iyon at sinagot.

“Hello,” pupungas-pungas niyang sabi.

“Nathan!”

“S-sino ’to?”

“Si Pammy ito,” natatawang tugon ng nasa kabilang linya. “Ano’ng ginagawa mo riyang sa kuwarto ni Abby?”

“H-ha?” Saka pa lamang siya natauhan. Bigla niyang naibaba ang telepono at kaagad ding bumangon.

Nagising si Abby sa mga kaluskos niya. Namumulang bumangon ito at sumandal sa headboard ng kama habang nakamasid sa kanya.

“S-Señorita, h-hindi ko alam kung paano ako napunta rito,” mabilis niyang sabi.

“L-lasing ka kahapon.”

“P-pasensya na kayo. Talagang wala ako sa sarili ko.”

“Mamaya ka na umuwi, pag-alis ng Mama. Baka makita ka pa.”

Nakahinga nang maluwag si Nathan nang maramdamang hindi galit ang dalaga. Walang salitang naupo siya sa sofa habang nanatiling nakatingin dito.

Kailan Kita Muling Maisasayaw? - Ningning C. Interino

Nahihiyang ibinaling ni Abby ang tingin sa sahig.

Kapwa sila napangiti.